Term 2 Examination in Filipino 2

Pangalan: Marka: _____

_____

_

Baitang at Seksyon: Petsa: _____

_____

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem at sagutin ayon sa hinihingi.

1. May maraming basura sa kanal kaya bumabaha sa barangay tuwing umuulan. Ano ang pinakamagandang solusyon upang malutas ang suliraning ito?

A. Naghihintay ang mga tao na kusa nang mawala ang baha.
B. Nagtutulungan ang mga tao na maglinis ng kanal.
C. Naglalaro ang mga bata sa gitna ng baha sa kalsada.
D. Nagtatapon pa ang mga tao ng basura sa tapat ng bahay.

2. Alin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa pagtatanim ng buto sa isang paso o bakuran?

A. Una ay bungkalin ang lupa, pangalawa ay ibaon ang buto, at huli ay diligan ito.

B. Una ay diligan ang lupa, pangalawa ay bungkalin ang lupa, at huli ay ibaon ang buto.

C. Una ay bungkalin ang lupa, pangalawa ay diligan ito, at huli ay ibaon ang buto.

D. Una ay ibaon ang buto, pangalawa ay diligan ito, at huli ay bungkalin ang lupa.

3. Aling pangkat ng mga salita ang nagpapakita ng wastong paggalang sa pakikipag-usap sa mga kasapi ng pamilya at nakatatanda?

A. Sino, kailan, at bakit mo ginawa

B. Po, opo, at mawalang-galang na po

C. Sige, ayoko, at maaari ba ito

D. Doon, dito, at nasaan ang gamit

4. Paano mo kakausapin ang tindera sa palengke kung nais mong itanong ang presyo ng paninda nang may paggalang at maayos na pakikitungo?

A. Aling Nena, gusto ko ng mangga na mura lang.

B. Bigyan mo ako ng mangga ngayon din, Aling Nena.

C. Magkano ang mangga mo rito sa iyong tindahan?

D. Magkano po ang isang kilo ng mangga, Aling Nena?

5. Nag-aral nang mabuti si Ana para sa kanyang pagsusulit kaya nakakuha siya ng mataas na marka. Alin sa pangungusap ang nagpapakita ng bunga?

A. Dahil gusto niyang matuto.

B. Nakakuha siya ng mataas na marka.

C. Nag-aral nang mabuti si Ana.

D. Para sa kanyang pagsusulit.

6. Napanood mo ang kuwento ng isang batang nagtanim ng puno at nakatulong sa sariwang hangin. Paano mo ito maiuugnay sa iyong sariling karanasan sa komunidad?

A. Ako rin ay nagtatanim ng mga halaman sa aming bakuran para luminis ang hangin.

B. Nakikita ko ang aking mga kaibigan na naglalaro sa ilalim ng malaking puno sa parke.

C. Gusto kong kumain ng mga bunga ng puno na itinanim ng aming mga kapitbahay.

D. Binabasa ko ang mga aklat tungkol sa iba't ibang uri ng mga puno sa kagubatan.

7. Alin ang isang payak na pangungusap na nagsasalaysay ng iyong karanasan tungkol sa pagtulong sa mga gawain sa loob ng tahanan?

A. Pakisuyo naman na walisin ang ating bakuran.

B. Wow, napakalinis na ng ating bakuran rito!

C. Nagwalis ako ng aming bakuran kaninang umaga.

D. Bakit mo winawalis ang ating bakuran ngayon?

8. Napansin mo na maraming plastik na basura ang nakakalat sa inyong palaruan sa barangay. Anong maikling salaysay ang bubuuin mo upang maipakita ang iyong plano at maging resulta nito sa kalikasan?

A. Itatapon ko ang lahat ng plastik na basura sa malapit na ilog para mabilis itong tangayin ng tubig at luminis ang aming palaruan.

B. Sasabihan ko ang aking mga kaibigan na huwag nang maglaro sa palaruan dahil madumi at maraming kalat na plastik na basura.

C. Hahayaan ko lang ang mga plastik doon dahil darating naman ang mga tagalinis ng barangay upang kunin ang lahat ng basura.

D. Pupulutin ko ang mga plastik at gagawin itong taniman ng halaman upang maging maganda at malinis ang aming palaruan.

9. Ano ang pangunahing paksa ng isang tekstong impormatibo na naglalarawan sa kagandahan at kasaysayan ng Bulkang Mayon sa

Albay?

A. Ang kagandahan ng Bulkang Mayon

B. Ang paraan ng pagluluto ng pagkain

C. Ang kasaysayan ng lungsod ng Maynila

D. Ang wastong pag-aalaga sa mga hayop

10. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng eksaktong apat na mahahalagang detalye tungkol sa wastong paghuhugas ng ating mga kamay?

A. Bumili ng sabon, magpunta sa banyo, magsuot ng damit, at magsuklay ng buhok.

B. Maglaro sa tubig, kuskusin ang kamay, uminom ng gatas, at kumain ng prutas.

C. Basain ang kamay, magsabit ng tuwalya, maglinis ng kuko, at matulog nang maaga.

D. Gumamit ng sabon, kuskusin ang kamay, banlawan ng tubig, at patuyuin ito.

11. Ano ang ibig sabihin ng tiyak na salitang 'endemik' sa isang tekstong impormatibo tungkol sa mga hayop na matatagpuan sa Pilipinas?

A. Ang hayop ay kumakain ng maraming uri ng mga halaman.

B. Ang hayop ay matatagpuan lamang sa isang tiyak na lugar.

C. Ang hayop ay matatagpuan sa lahat ng bahagi ng mundo.

D. Ang hayop ay natutulog sa loob ng mahabang panahon.

12. Paano mo maipahahayag nang malinaw ang nakalap na impormasyon tungkol sa paghahanda para sa isang paparating na bagyo?

A. Magsalita nang mabilis upang agad matapos ang pagbabalita.

B. Bumulong na lamang sa mga kaibigan tungkol sa nangyayari.

C. Gumamit ng mga tiyak na salita at sapat na lakas ng boses.

D. Sumigaw nang malakas kahit hindi na naiintindihan ang sinasabi.

13. Ano ang tawag sa pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagsasalita upang maipahayag nang wasto ang tamang ideya at mensahe?

A. Baybayin

B. Talasalitaan

C. Intonasyon

D. Bantas

14. Anong bantas ang nagpapahiwatig na ang isang pangungusap ay patanong at dapat basahin nang may pataas na tono sa dulo?

A. Kuwit

B. Tuldok

C. Tandang Padamdam

D. Tandang Pananong

15. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng wastong pagkakasulat ng payak na pangungusap tungkol sa iyong karanasan sa paaralan?

A. masaya kaming nag-aaral sa aming silid-aralan!

B. masaya kaming nag-aaral sa aming silid-aralan.

C. Masaya kaming nag-aaral sa aming silid-aralan.

D. Masaya Kaming Nag-Aaral Sa Aming Silid-Aralan?

SUSI SA PAGWAWASTO

1. B
2. A
3. B
4. D
5. B
6. A
7. C
8. D
9. A
10. D

11. B

12. C

13. C

14. D

15. C

TABLE OF SPECIFICATIONS

Grade Level: 2 Term: 2

Learning Area: Filipino

Content Standard: Week 7 - Naibibigay ang suliranin at solusyon at naisasaayos ang pagkakasunod-sunod ng apat hanggang limang pangyayari.

Week 8 - Naibibigay ang sanhi at bunga at naiuugnay ang sariling karanasan sa kuwento.

Week 9 - Nauunawaan ang tekstong impormatibo sa pagtukoy ng mahahalagang detalye, paksa, at pangunahing ideya.

Week 10 - Nababasa ang mga pangungusap nang may angkop intonasyon.

Performance Standard: Week 7 - Nagagamit ang mga salitang natutuhan sa pakikipag-usap nang may paggalang sa pamilya at mga tao sa komunidad.

Week 8 - Nakabubuo ng payak na pangungusap na nagsasalaysay ng karanasan tungkol sa sarili at komunidad.

Week 9 - Naibibigay ang mahahalagang impormasyon nang malinaw at nagagamit ang mga salitang tiyak sa paksa.

Week 10 - Nakapagpapahayag ng sariling ideya sa pagsasalita at pagsulat gamit ang wastong intonasyon, salita, at pangungusap.

Competency	Week No.	Item Number/s (Placement)	COGNITIVE LEVEL				Total Items
			Unistructural	Multi-structural	Relational	Extended Abstract	
Naibibigay ang suliranin at solusyon; Naisasaayos ang pagkakasunod-sunod ng apat hanggang limang pangyayari.	7	1-2	0	1	1	0	**2**
Nagagamit ang mga salitang natutuhan sa pakikipag-usap nang may paggalang sa pamilya at mga tao sa komunidad.	7	3-4	0	1	1	0	**2**
Naibibigay ang sanhi at bunga; Naiuugnay ang sariling karanasan sa kuwento.	8	5-6	0	1	1	0	**2**
Nakabubuo ng payak na pangungusap na nagsasalaysay ng karanasan tungkol sa sarili at komunidad.	8	7-8	0	1	0	1	**2**
Nauunawaan ang tekstong impormatibo sa pagtukoy ng mahahalagang detalye, paksa, at pangunahing ideya; naibibigay ang apat na mahahalagang detalye ng tekstong impormatibo.	9	9-10	1	1	0	0	**2**
Nagagamit ang mga salitang tiyak sa paksa ng impormatibong teksto.	9	11	1	0	0	0	**1**
Naibibigay ang mahahalagang impormasyon nang malinaw.	9	12	1	0	0	0	**1**
Nakapagpapahayag ng sariling ideya sa pagsasalita at pagsulat gamit ang wastong intonasyon, salita, at pangungusap.	10	13	1	0	0	0	**1**
Nababasa ang mga pangungusap nang may angkop intonasyon.	10	14	1	0	0	0	**1**

Nakasusulat ng payak na pangungusap tungkol sa karanasan.	10	15	1	0	0	0	**1**
Total			**6**	**5**	**3**	**1**	**15**

Prepared by:

Validated by:

_____

Name of Teacher

_____

Name of Content Validator

_____

Name of Language Validator